# Church of the Nazarene

# Ang Mga Artikulo ng Pananampalataya

2023

# Artikulo 1
# Ang Santatlong Diyos

Naniniwala tayo sa isang walang hanggan, walang katapusang Diyos, Makapangyarihang Manlilikha at Tagapagtaguyod ng sansinukob; na Siya lamang ang Diyos, banal sa kalikasan, mga katangian at layunin. Ang Diyos na banal na pag-ibig at liwanag ay Santatlo sa Kanyang mahalagang kalikasan, nagpahayag bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu.

# Artikulo 2
# Jesu-Cristo

Naniniwala tayo kay Jesu-Cristo, ang ikalawang Persona ng Santatlong Diyos na Siya ay walang hanggang kaisa ng Ama; na Siya ay nagkatawang tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ipinanganak kay Birheng Maria upang ang dalawang ganap at sakdal na kalikasan, na tumutukoy sa pagka-Diyos at pagkatao, ay sadyang pinag-isa sa isang Persona—tunay na Diyos at tunay na Tao, ang Diyos-tao.

Naniniwala tayo na si Jesu-Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan at Siya ay muling nabuhay mula sa mga patay at muling inangkin ang Kanyang katawan kasama ang lahat ng bagay na tumutukoy sa kasakdalan ng Kanyang

kalikasang tao, at pagkatapos ay umakyat sa langit at naroon na may pagkilos na namamagitan para sa atin.

# Artikulo 3
# Ang Banal na Espiritu

Naniniwala tayo sa Banal na Espiritu, ang ikatatlong Persona ng Santatlong Diyos, na Siya ay laging naririto at mahusay na kumikilos sa pamamagitan ng at kasama ng simbahan ni Cristo, nangungumbinsi sa mundo tungkol sa kasalanan, nagbibigay-buhay sa mga nagsisisi at nananalig, pinabanal ang mga nananalig, at gumagabay sa lahat ng katotohanang na kay Jesus.

# Artikulo 4
# Ang Mga Banal na Kasulatan

Naniniwala tayo sa pangkalahatang pagkasiha ng mga Banal na Kasulatan, na siyang ating nauunawaan na 66 na mga aklat ng Luma at Bagong Tipan, ipinagkaloob sa pamamagitan ng maka-Diyos na pagkasiha, walang pagkakamaling naghahayag ng kalooban ng Diyos patungkol sa atin sa lahat ng bagay na kailangan para sa ating

kaligtasan, upang ang anumang hindi kasali dito ay hindi nararapat na ituring bilang isang artikulo ng pananampalataya.

# Artikulo 5
# Kasalanan, Orihinal at Personal

Naniniwala tayo na ang kasalanan ay dumating sa sanlibutan sa pamamagitan ng pagsuway ng ating mga unang magulang, at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan. Naniniwa tayo na may dalawang uri ng kasalanan: ang orihinal na kasalanan o kabuktutan, at ang aktuwal o pansariling kasalanan.

Naniniwala tayo na ang orihinal na kasalanan o kabuktutan ay ang pagkasira ng likas na katayuan ng lahat ng mga anak ni Adan sa kadahilanang ang bawat isa ay nalayo sa orihinal na kabanalan o sa dalisay na katayuan ng ating mga unang magulang nang sila ay likhain, ay tumanggi sa Diyos, ay walang espirituwal na buhay, at may hilig sa kasamaan at ito ay nagpapatuloy. Naniniwala rin tayo na ang orihinal na kasalanan ay nananatiling kasama sa bagong buhay ng mga muling binuhay, hanggang ang puso ay lubos na malinis sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Naniniwala tayo na ang orihinal na kasalanan ay iba sa aktuwal na kasalanan sapagkat ito ay binubuo ng minanang pagkahilig sa aktuwal na kasalanan na kung saan walang

sinuman ang mananagot hanggang ang maka-Diyos na kaloob na lunas ay balewalain o tanggihan.

Naniniwala tayo na ang aktuwal o pansariling kasalanan ay isang kusang paglabag sa isang hayag na batas ng Diyos ng isang may moral na responsableng tao. Kung kaya't ito ay hindi dapat ikalito sa hindi kusa at hindi maiiwasang mga pagkukulang, mga kahinaan, mga kapintasan, mga pagkakamali, mga kabiguan, o iba pang mga paglihis mula sa isang antas ng kasakdalan ng pag-uugali ng mga nananatiling epekto ng pagkahulog [ng tao]. Gayunpaman, ang gayong walang malay na epekto ay hindi sumasakop sa mga pag-uugali o mga pagtugon salungat sa espiritu ni Cristo, na maaaring matawag bilang kasalanan sa espiritu. Naniniwala tayo na ang pansariling kasalanan ay isang pangunahin at mahalagang paglabag sa batas ng pag-ibig; at kaugnay kay Cristo ang kasalanan ay maaaring matawag ng kawalan ng paniniwala.

Naniniwala tayo na si Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng Kanyang mga paghihirap, sa pamamagitan ng pagbuhos ng Kanyang sarilling dugo at sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus, ay Siyang nagbigay ng buong pagtatakip para sa lahat ng kasalanan ng tao, at ang pagtatakip-salang ito ay siyang batayan ng kaligtasan at ito ay sapat na para sa bawat indibidwal na mga lahi ni Adan. Ang pagtatakip-sala ay mabisa ayon sa kagandahang-loob ng Diyos para sa kaligtasan ng mga walang kakayahan sa moral na responsibilidad at para sa mga batang wala pang malay sa buhay ngunit mabisa para sa kaligtasan ng mga umabot na sa hustong gulang ng

responsibilidad sa pamamagitan lamang ng kanilang pagsisisi at pananalig.

# Artkulo 6
# Pagtatakip-sala

Naniniwala tayo na si Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng kaniyang mga paghihirap, sa pamamagitan ng pagbuhos ng kaniyang sariling dugo, at sa pamamagitan ng kaniyang kamatayan sa Krus, ay siyang nagbigay ng buong pagtatakip para sa lahat ng kasalanan ng tao, at ang Pagtatakip-salang ito ay siyang batayan ng kaligtasan, at ito ay sapat na para sa bawa’t indibidwal na mga lahi ni Adan. Ang Pagtatakip-sala ay mabisa ayon sa kagandahang-loob ng Diyos para sa kaligtasan ng mga walang kakayahan sa moral na responsibilidad at para sa mga batang wala pang malay sa buhay nguni’t mabisa para sa kaligtasan ng mga umabot na sa hustong gulang ng responsibilidad sa pamamagitan lamang ng kanilang pagsisisi at pananalig.

# Artikulo 7 Naghahandang Kagandahang-loob ng Diyos

Naniniwala tayo na ang kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay walang bayad na ipinagkakaloob sa lahat ng tao, na nagbibigay kakayahan sa lahat nang tatalikod mula sa kanilang kasalanan tungo sa katuwiran, manalig kay Jesu-Cristo para sa kapatawaran at kalinisan mula sa kasalanan, at sumunod sa mabubuting gawa na nakalulugod at katanggap-tanggap sa Kanyang paningin. Naniniwala rin tayo na ang sangkatauhan, nilalang na katulad ng Diyos, ay may taglay na kakayahan na pumili sa pagitan ng tama at mali, at dahil dito ang mga tao ay may moral na responsibilidad; na dahil sa Pagkahulog ni Adan, sila nga ay naging masama kung kaya't hindi nila magawa sa ganang kanilang sariling lakas ang bumalik at kumilos patungo sa pananalig at pagtawag sa Diyos.

# Artikulo 8
# Pagsisisi

Naniniwala tayo na ang Espiritu ng Diyos ay nagbibigay sa lahat ng magsisisi ng mabuting tulong tungo sa pagbabago ng puso at pag-asa ng kahabagan, upang sila ay maniwala tungo sa kapatawaran at espirituwal na buhay. Ang pagsisisi na tumutukoy sa isang taos-puso at ganap na pagbabago ng isipan patungkol sa kasalanan, kasama ang kahulugan ng personal na pagkakasala at isang kusang-loob na pagtalikod mula sa kasalanan, ay hinihiling sa lahat ng nagkasala laban sa Diyos sa pamamagitan ng gawa at layunin.

Naniniwala tayo na ang lahat ng mga tao ay maaaring mahulog mula sa kagandahang-loob ng Diyos at tumalikod at, maliban na sila ay magsisi sa kanilang mga kasalanan, ay mawawalan ng pag-asa at magpawalang-hanggang mapapahamak. Naniniwala tayo na ang mga muling binigyang-buhay na mga tao ay hindi na kailangang bumalik sa kasalanan kundi mamuhay nang may buong pakikiisa sa Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng nananahang Banal na Espiritu na nagbibigay saksi sa ating mga espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

# Artikulo 9
# Katuwiran, Muling Pagbibigay-buhay, at Pag-aampon

Naniniwala tayo na ang katuwiran ay ang mabuti at pang-hukumang gawa ng Diyos na kung saan ipinagkakaloob ng Diyos ang ganap na kapatawaran sa lahat ng pagkakasala at lubos na kalayaan mula sa kaparusahan ng mga kasalanang nagawa, at tanggapin bilang matuwid, ang lahat ng mga nananalig kay Jesu-Cirsto at tumanggap sa Kanya bilang Panginoon at Tagapagligtas.

Naniniwala tayo na ang muling pagbibigay-buhay o ang bagog kapanganakan, ay ang mabuting gawa ng Diyos na kung saan ang moral na kalikasan ng nagsising nananalig ay pinukaw sa Espiritu at binigyan ng natatanging espirituwal na buhay, na may kakayahan na manalig, magmahal, at sumunod.

Naniniwala tayo na ang pag-aampon ay isang mabuting gawa ng Diyos na kung saan ang itinuring na matuwid at muling binigyang-buhay na nananalig ay inaring anak ng Diyos.

Naniniwala tayo na ang katuwiran, muling pagbibigay-buhay, at pag-aampon ay sabay-sabay na nangyayari sa karanasan ng mga naghahanap sa Diyos at tinatanggap sa pamamagitan ng pananalig, kasunod ng pagisisisi; at sa gawa at kalagayang ito ang kagandahang-loob ng Diyos ay sumasaksi.

# Artikulo 10
# Kristiyanong Kabanalan at Ganap na Pagpapabanal

Naniniwala tayo na ang pagpapabanal ay gawa ng Diyos na siyang nagpapabago sa mga nananalig upang maging katulad ni Cristo. Ito ay ipinapangyari ng kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa paunang pagpapabanal, o muling pagbibigay-buhay (kasabay ng katuwiran), ganap na pagpapabanal at ng pagpapatuloy ng nagsasakdal na gawa ng Banal na Espiritu tungo sa kaluwalhatian. Sa kaluwalhatian tayo ay lubos na magiging kawangis ng Anak.

Naniniwala tayo na ang ganap na pagpapabanal ay tumutukoy sa gawa ng Diyos, kasunod ng muling pagbibigay-buhay, na kung saan ang mga nananalig ay pinalaya mula sa orihinal na kasalanan, o kabuktutan, at inihahatid sa kalagayang ganap na pagtatalaga sa Diyos, at ang banal na pagsunod ng pag-ibig ay nagiging sakdal.

Ito ay ipinapangyari sa pamamagitan ng bautismo o pagpuspos ng Banal na Espiritu, at nauunawaan sa isang karanasan ng paglilinis ng puso mula sa kasalanan at ng nananatili, nananahang presensya ng Banal na Espiritu, nagbibigay ng kapangyarihan sa nananalig para sa buhay at paglilingkod. Ang ganap na pagpapapabanal ay ipinagkakaloob ng dugo ni Jesus, agarang ipinapangyari ng

kagandahang-loob ng Diyos, sa pamamagitan ng pananalig, kasunod ng ganap na pagtatalaga; at sa gawa at kalagayan ng kagandahang-loob ng Diyos, ang Banal na Espiritu ay sumasaksi.

Ang karanasang ito ay kilala rin sa iba't ibang mga katawagan na sumasaklaw sa iba't ibang anyo nito, gaya ng "Kristiyanong Kasakdalan," "sakdal na pag-ibig," "dalisay na puso," ang "bautismo at kapuspusan ng Banal na Espiriu," ang "kapuspusan ng pagpapala," at "Kristiyanong kabanalan."

Naniniwala tayo na may malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng dalisay na puso at magulang na pag-uugali. Ang una ay agad na nakakamit, bunga ng ganap na pagpapabanal; ang huli ay bunga ng paglago sa kagandahang-loob ng Diyos.

Naniniwala tayo na kasama ng kagandahang-loob ng Diyos sa ganap na pagpapabanal ang maka-Diyos na udyok upang lumago sa kagandahang-loob ng Diyos bilang isang katulad ni Cristong alagad. Gayunpaman, ang udyok na ito ay may kaakibat na pag-aalaga at maingat na pagbabantay na ibinibigay sa mga kailangan at proseso ng paglagong espirituwal at paglago sa pagiging katulad ni Cristo sa pag-uugali at personalidad. Kapag walang gayong layuning mga pagkilos, ang pagsaksi rito ay maaaring masira at ang kagandahang-loob ng Diyos na ito ay mabibigo at kalauna'y mawawala.

Sa pakikilahok sa mga kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos, higit sa lahat ang pagtitipon, mga disiplana, at mga gawaing banal o sakramento ng Simbahan, ang mga

nananalig ay lumalago sa kagandahang-loob ng Diyos at sa taos-pusong pagmamahal sa Diyos at sa kapwa.

# Artkulo 11
# Ang Simbahan

Naniniwala tayo sa Simbahan, ang komunidad na nagpapahayag na si Jesu-Cristo ay Panginoon, ang tipang tao ng Diyos na ginawang bago kay Cristo, ang Katawan ni Cristo na sama-samang tinawag ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Salita.

Tinatawag ng Diyos ang Simbahan upang ipahayag ang buhay nito sa pagkakaisa at pagtitipon sa Banal na Espiritu; sa pananambahan sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita, pagsasagawa ng mga sakramento, at paglilingkod sa Kanyang pangalan; sa pagsunod kay Cristo, pamumuhay na may kabanalan, at may pagkakasundong may pananagutan.

Ang misyon ng Simbahan sa mundo ay ang ibahagi ang may pagtutubos at may pakikipag-ugnayan na gawain ni Cristo sa kapangyarihan ng Espiritu. Ang Simbahan ay tumutupad sa misyon nito sa pamamagitan ng pagdidisipulo sa pagbabahagi ng mabuting balita, pagtuturo, pagpapakita ng kahabagan, paggawa para sa katarungan, at pagbibigay-saksi sa kaharian ng Diyos.

Ang Simbahan ay isang makasaysayang reyalidad na nag-oorganisa ng sarili nito sa mga anyong hinubog ng kultura, nabubuhay bilang mga lokal na konggregasyon at bilang

isang pandaigdigang katawan, at gayundin bilang mga ibinukod na taong tinawag ng Diyos para sa mga natatanging gawain. Tinatawag ng Diyos ang Simbahan upang mamuhay sa ilalim ng Kanyang pamumuno na may pagtanaw sa katuparan nito sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

# Artikulo 12
# Bautismo

Naniniwala tayo na ang Kristiyanong bautismo, utos ng ating Panginoon, ay isang sakramento na nagbibigay halaga sa pagtanggap ng mga benepisyo ng pagtatakip-sala at pakikiisa sa Katawan ni Cristo. Ang bautismo ay isang kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos na nagpapangaral sa pananalig kay Cristo bilang Tagapagligtas. Ito ay isinasagawa sa mga nananalig bilang patunay sa kanilang ganap na layuning sumunod sa kabanalan at katuwiran. Bilang bahagi ng Bagong Tipan, ang mga batang nasa murang kaisipan at ang may moral na mga bata ay maaaring mabautismuhan sa kahilingan ng mga magulang o tagapag-alaga ng mga ito. Ang simbahan ang siyang magbibigay-katiyakan sa Kristiyanong pagsasanay. Ang bautismo ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pagwisik, pagbuhos, at paglubog sa tubig.

# Artikulo 13
# Ang Hapunan ng Pangioon

Naniniwala tayo na ang Komunyong Hapunan na itinatag ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo ay isang sakramento, na nagpapangaral sa Kanyang buhay, mga paghihirap, at handog na kamatayan, muling pagkabuhay, at ang pag-asa sa Kanyang muling pagbabalik. Ang hapunan ng Panginoon ay isang kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos na kung saan si Cristo ay naroroon sa pamamagitan ng Espiritu. Ang lahat ay inaanyayahang makibahagi sa pananalig kay Cristo at mabago sa pamumuhay, kaligtasan, at sa pakikiisa bilang Simbahan. Ang lahat ay dapat makibahagi sa pamamagitan ng pagbibigay-galang sa kahalagahan nito, at sa pamamagitan nito ay ipakita ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa Kanyang pagparito. Ang lahat ng may pananalig kay Cristo at pagmamahal sa mga pinabanal ay inaa

inyayahan ni Cristo na makibahagi nang madalas hangga't maaari.

# Artikulo 14
# Pagpapapagaling Mula sa Diyos

Naniniwala tayo sa biblikal na katuruan ng pagpapapagaling mula sa Diyos at hinihimok ang ating mga tao na mag-alok ng pananalanging may pananampalataya para sa kagalingan ng mga may karamdaman. Naniniwala rin tayo na ang Diyos ay nagpapapagaling sa pamamamamagitan ng siyensiyang medikal.

# Artikulo 15
# Ikalawang Pagdating ni Cristo

Naniniwala tayo na sa huling panahon, ang Panginoong Jesu-Cristo ay mahahayag bilang Panginoon ng lahat. Siya ay muling babalik taglay ang kaluwalhatian at kapangyarihan upang ganap na itatag ang kaharian ng Diyos na Kanyang ipinangaral at sinimulan sa Kanyang buhay at paglilingkod. Kung papaanong unang nilikha ng santatlong Diyos ang langit at lupa, ang mga ito ay babaguhin ng Diyos tungo sa bagong sangnilikha na kung saan Siya ay mananahan nang magpawalang hanggan kasama ang mga taong Kanyang tinubos. Tayong mga nabubuhay pa sa Kanyang pagbabalik

ay hindi mauuna sa kanila na mga natutulog kay Cristo Jesus; ngunit, kung tayo ay nananatili sa Kanya, tayo ay babaguhin kasama ng mga binuhay na mga pinabanal para salubungin ang Panginoon sa himpapawid upang tayo ay makasama ng Panginoon sa habang panahon. Sa araw na iyon, ang Diyos na napagtagumpayan ang lahat ng mga kapangyarihan ng kasamaan ay gaganapin ang Kanyang layuning may pagmamahal para sa sangnilikha. Mawawala na ang mga paghihirap, ang kawalan ng katarungan, o ang kamatayan, at papahirin ng Diyos ang bawat luha.

## Artikulo 16
## Muling Pagkabuhay, Paghuhukom, at Patutunguhan

Naniniwala tayo sa muling pagkabuhay mula sa mga patay, na ang mga katawan ng matutuwid at hindi matutuwid ay parehong muling bibigyang-buhayat pag-iisahin sa kanilang mga Espiritu—"sila na mga gumawa nang mabuti, para sa muling pagkabuhay; at sila na mga gumawa nang masama, para sa muling pagkabuhay tungo sa kapurasahan."

Naniniwala tayo sa paparating na paghuhukom na kung saan ang bawat tao ay haharap sa Diyos ayon sa kanilang mga ginawa sa buhay na ito.

Naniniwala tayo na ang maluwalhati at walang hanggang buhay ay may katiyakan para sa lahat ng mga nanalig para sa kaligtasan, at matapat na sumunod kay Jesu-Cristo na ating Panginoon; at ang mga hindi lubos na nagsisi ay mapapahamak nang walang hanggan sa impiyerno.